

# Stockton Unified School District COVID-19

## Pagbabalik sa Paaralan

← WELCOME →

Plano sa Hybrid & Malayuang Pag-aaral



# INTRODUKSIYON

## LAYUNIN

Nilikha ng SUSD ang planong ito upang mapabilis ang aming ligtas na pagbabalik sa paaralan sapagkat naniniwala kami na ang mga benepisyo sa lipunan, emosyonal, pang-akademiko, at kaisipan ng pagkakaroon ng isang kalagayang pang-edukasyon ay higit sa panganib ng pisikal na karamdaman, kahit na sa panahon ng pandaigdigang pandemya.

## MGA PATNUBAY NA PRINSIPIO

**KALIDAD NA PAGTUTURO** - Malayuan mang pag-aaral o personal, ang kalidad na pagtuturo ay patuloy na susi sa tagumpay ng mga pang-edukasyong programa. Ang coursework na hinatid sa pamamagitan ng mga hybrid na modality ay dapat patuloy na makuha (sa campus at malayuang pag-aaral) at dapat makatugon sa mga parehong pamantayan tulad ng coursework na hinahandog lang sa campus. Kailangan nating bigyan ang mga educator ng “espasyo at grasya” habang nagtatrabaho sila upang mapabuti ang paghahatid ng nilalaman sa pamamagitan ng mga maramihang modality.

**MANINDIGAN SA PAGIGING PATAS** - Lahat ng mga estudyante ay may pagkakataong makakamit ng akademikong tagumpay na maa-access, pinasadya, makabuluhan sa kultura, at tumutugon. Ang mga paaralan ay may responsibilidad na tumugon sa kultura at wika at matugunan ang mga patuloy na pangangailangan ng LAHAT ng mga estudyante mula sa mga mababang kitang pinagmulan.

**MAGPATUPAD NG BUONG PAARALANG WELLNESS NA PAMAMARAAN** – Magsagawa ng systems na pamamaraan sa pagtaguyod ng akademiko, panlipunan at emosyonal na pag-aaral ng estudyante, pisikal na kabutihan ng kalagayan, at kahandaan sa kolehiyo, karera at sibika. Magpatupad ng Buong Paaralang Wellness na Pamamaraan para masiguro ang tagumpay ng estudyante at adult sa paaralan, trabaho at komunidad.

**MAKIPAGSOSYO SA MGA ESTUDYANTE, PAMILYA, KOMUNIDAD AT MGA PANGKAT NG PAGTATRABAHO** – Makipag-ugnay sa mga estudyante, partido ng komunidad, at mga pangkat ng pagtatrabaho para bumuo ng pinagsamang epekto at suportahan ang pampublikong kalusugan. I-maximize ang mga dulugan ng buong komunidad, kasama ang pangangalaga sa kalusugan, pinalawak na pag-aaral, maagang pag-aaral at mga pagsososyo sa pamilya at komunidad para ipatupad ang mga protokol sa kalusugan at kaligtasan at iusad ang mga alternatibong modality sa pag-aaral.

**MATUTO AT BUMUTI** – Gumamit ng tuluy-tuloy na mga kasanayan sa pagpapabuti at gumamit ng katibayan upang gabayan ang paggawa ng desisyon habang nilalayon na mapagbuti ang kalidad ng mga oportunidad sa pag-aaral ng estudyante. Gumamit ng data upang maipalam ang pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagtuturo at paaralan. Kami ay nakatuon sa pagtatrabaho nang magkasama, nile-leverage ang aming kolektibong positibong epekto sa pamamagitan ng adbokasiya, at pagbabahagi ng mga pinakamahusay na kasanayan at mapagkukunan.



# SAMPLE NA HYBRID NA MODELO

## HYBRID NA MODELO

Ang mga klase/lebel ng baitang ay hahatiin sa mas maliliit na cohort: **Pangkat A** at **Pangkat B**

Ang **Pangkat A** ay dadalo sa paaralan nang personal tuwing Lunes at Martes at ang **Pangkat B** ay dadalo sa paaralan nang personal tuwing Huwebes at Biyernes. Tuwing Miyerkules, ang pagtuturo ay ihahatid sa pamamagitan ng Malayuang Pag-aaral (RL) para sa lahat ng mga estudyante. Pinili ang Miyerkules bilang araw ng RL para pahintulutan ang tamang pagsa-sanitize at matinding paglilinis sa pagitan ng Cohort A at Cohort B sa mga personal na sesyon ng pag-aaral.

## MGA PROTOKOL

- Mananatili ang mga estudyante sa kanilang cohort hangga't maaari.
- Ang mga estudyanteng nagbabahagi ng mga espasyo ng pagtuturo ay hinihikayat na linisin ang ginamit na espasyo matapos gamitin.
- Ang mga estudyante ay magkakaroon ng designadong espasyo sa pagtatrabaho sa silid-aralan nila para lang sa indibiduwal nilang paggamit.
- Ang mga estudyante at kawani ay hindi maghihiraman ng mga supply.
- Ang mga panlabas na espasyo ay gagamitin kapag posible para sa pagtuturo at mga aktibidad.

**Sample na Schedule: Ang (mga) hybrid na modelo para sa lahat ng site ng paaralan ng SUSD say isasapinal bago bumalik sa live na pagtuturo sa campus**

	LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES
Pangkat A	Personal na Pag-aaral	Personal na Pag-aaral	Malayuang Pag-aaral	Independiyenteng Pagsasanay/Asynchronous na Pag-aaral	Independiyenteng Pagsasanay/Asynchronous na Pag-aaral
Pangkat B	Independiyenteng Pagsasanay/Asynchronous na Pag-aaral	Independiyenteng Pagsasanay/Asynchronous na Pag-aaral	Malayuang Pag-aaral	Personal na Pag-aaral	Personal na Pag-aaral
Pangkat A-B	Personal na Pag-aaral	Personal na Pag-aaral	Malayuang Pag-aaral	Personal na Pag-aaral	Personal na Pag-aaral



## **MALAYUANG PAG-AARAL SA PAGPILI**

Narito ang SUSD para manilbihan sa ating komunidad sa pinakamahusay ng kakayahan nito. Nauunawaan namin na ang ilang mga estudyante ay kakailanganing matutuo mula sa bahay sa kabuuan ng pandemikong ito o maaaring piliin ng mga pamilyang panatiliin sa bahay ang kanilang (mga) anak. Maghahandog kami ng pagkakataon para sa full-time na Malayuang Pag-aaral sa lahat ng mga pamilya na pinili ang opsiyong ito. Nagbibigay ang programang ito ng livestreamed na pagtuturo sa mga bahay ng mga estudyanteng nararapat. Ang mga klaseng ito ay ididisenyo para suportahan ang mga estudyante mula sa mga tahanan nila.

## **MGA ISKEDYUL AT MGA RUTINA**

### **PAGHAHATID**

Ang oras ng paghahatid ay maaaring staggered; tingnan ang partikular na iskedyul at pamamaraan ng bawat site ng paaralan.

- Lahat ng mga site ay gagawwa ng mga plano para i-stagger ang paggamit ng mga karaniwang lugar kasama ang mga sona ng paghahatid at pagsundo.
- Ang mga estudyanteng darating ay papasok sa campus ng paaralan gamit ang malinaw na may marka at naikomunikang mga lugar ng pasukan na itinuturo ng mga tauhan ng paaralan at pupunta sa kanilang itinalagang silid-aralan. Ang mga magulang ay dapat manatili sa kanilang mga sasakyan sa lahat ng oras. Ang mga miyembro ng kawani ay naroroon sa lahat ng oras upang tulungan ang mga estudyante.

### **RECESS & TANGHALIAN**

Ang recess at tanghalian ay iba-iba ayon sa paaralan; tingnan ang partikular na iskedyul at pamamaraan ng bawat site ng paaralan.

- Lahat ng mga iskedyul ng bell ng paaralan ay babaguhin para pinakamainam na maihiwalay ang mga lebel ng baitang na pangkat ng cohort mula sa isa't isa. Lahat ng mga site ay gagawa ng mga plano para i-stagger ang paggamit ng mga karaniwang lugar kasama ang cafeteria, mga playground, quad, media center, multi-purpose room, gymnasium, atbp.
- Maaaring limitahin ang mga estudyante sa mga partikular na lugar depende sa mga patnubay sa panahong iyon. Kasama dito ang hardcourt, mga play structure at lugar na may damo.
- Hindi pinapayagan ang mga estudyanteng magdala ng mga personal na gamit mula sa bahay maliban kung kailangan para sa kadahilanang akademiko o personal
- Ang partisipasyon ng estudyante sa mga lugar sa labas ay aalamin ng mga protokol depende sa panahon

### **PAGSUNDO**

Ang oras ng pagsundo ay ii-stagger; tingnan ang partikular na iskedyul at pamamaraan ng bawat site ng paaralan.

- Lahat ng mga site ay gagawwa ng mga plano para i-stagger ang paggamit ng mga karaniwang lugar kasama ang mga sona ng paghahatid at pagsundo

- Ilalagay ng mga paaralan ang mga estudyante sa mga socially distanced pod habang hinihintay na masundo. Ang mga pamilyang iyon na sumusundo gamit ang mga personal na sasakyan ay ituturo ng kawani sa limitado ngunit malinaw na may marka at naikomunikang lugar ng pagsundo. Dapat hintayin ng mga magulang ang turn nila sa linya at manatili sa mga sasakyan nila sa lahat ng oras sa pagsundo. Dapat umalis ang mga pamilya sa campus sa sandaling ang kanilang (mga) anak ay ligtas at seguro sa sasakyan nila.



## PAGGALAW

- Ang mga pattern ng daloy ng trapiko ng pedestrian para sa bawat paaralan ay imamapa at ibabahagi sa kawani at mga pamilya bago ang unang araw ng pagbubukas ng mga paaralan.
- Magpapaskil ng karatulang tumuturo sa mga pattern ng pedestrian na trapiko.
- Ang mga estudyante at kawani ay aasahang sumunod sa mga pattern na ito sa lahat ng mga pang-araw-araw na paglipat.
- Maglalaan ng oras sa paghuhugas ng kamay/pag-sanitize bago at makalipas ang mga paglipat.
- Gagawa ng mga makatwirang pagtatangka para mapababa ang paglipat ng estudyante sa buong araw at/o sa pagitan ng mga silid-aralan.

## PANG-ARAW-ARAW NA PAGSUSURI SA KALUSUGAN

Ang kawani at mga estudyante ay dapat magsuri ng sarili nila para sa mga sintomads sa bahay araw-araw. Tinatawag itong *passive screening*. Kung may sakit ang tao o nagpapakita ng sintomas ng COVID-19, hindi sila maaaring pumasok sa paaralan at susunod. **Mga Pangangailangan sa Pananatili sa Bahay at Pagbabalik sa Paaralan.**

Kasama sa mga senyales ng pagkakasakit ang lagnat o pangangatog (100.4 degrees o mas mataas), pag-ubo, kakapusan ng paghinga o hirap sa paghinga, kapaguran, pananakit ng kalamnan o katawan, masakit na ulo, bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy, pagbabara o pagtulo ng ilong, pagduruwal o pagsusuka, at pagtatae ayon sa mga patnubay ng CDC. Ang sinumang estudyante i kawani na may remperatura na 100.4 degrees o mas mataas, o may senyales o sintomas ng pagkakasakit ayon sa **Mga Inaat sa Pananatili sa Bahay** ay uuwi. Dapat pumasok ang mga estudyante at kawani sa pamamagitan ng inaatas na kontroladong lokasyon ng pagpasok at paglabas sa bawat site. Ang mga site ay maglalagay ng kontroladong lokasyon sa pagpasok at paglabas at siguruhin na ang kawani at mga estudyante ay nauunawaan at susunod sa mga pag-iingat sa pag-iwas sa sakit. Ang mga estudyante at kawaning lalapit sa pasukan ay dapat may suot na telang pantakip ng mukha (kung kaya). Ang mga pantakip ng mukha ay makukuha ng mga walang sarili nilang ganito.

KUNG ANG MGA SINTOMAS AY NASA LABAS NG IYONG BATAYANG REGULAR NA KALUSUGAN, MANATILI SA BAHAY KUNG MAYROON KANG ALINMAN SA MGA SINTOMAS NA ITO



masakit na lalamunan



ubo



lagnat



masakit na ulo



Karamdaman



pagtatae



pagbahing



pagsusuka at duruwal



pananakit ng kalamnan



tumutulung ilong



tachycardia



hemoptysis

## PROSESO SA PANG-ARAW-ARAW NA SCREENING NG ESTUDYANTE

Ang mga estudyante ay dapat magsuri ng sarili nila para sa mga sintomads sa bahay araw-araw. Lahat ng mga estudyante ay kukumpleto ng Pang-araw-araw na Sariling Pagsusuri sa Sintomas na virtual survey. Kasama sa mga senyales ng pagkakasakit ang lagnat o pangangatog (100.4 degrees o mas mataas), pag-ubo, kakapusan ng paghinga o hirap sa paghinga, kapaguran, pananakit ng kalamnan o katawan, masakit na ulo, bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy, pagbabara o pagtulo ng ilong, pagduruwal o pagsusuka, at pagtatae ayon sa mga patnubay ng CDC.

Kung may sakit ang tao o nagpapakita ng sintomas ng COVID-19, hindi sila maaaring pumasok sa paaralan at susunod. **Mga Pangangailangan sa Pananatili sa Bahay at Pagbabalik sa Paaralan.**

- Ang mga magulang/tagapag-alaga at mga estudyante ay dapat magsuot ng telang pantakip sa mukha (kung kaya).
- Kung posible, panatiliin ang magulang/tagapag-alaga kasama ng estudyante habang nagaganap ang pagsusuri, sakaling hindi mabuti ang pakiramdam ng estudyante para pumasok sa paaralan.
- Hinihikayat ang kawaning subaybayan ang kabutihan ng kalagayan ng estudyante:
  - Magtanong para sa anumang senyales o sintomas ng pagkakasakit – kumusta ka ngayong araw na ito? May sakit ka ba?
- Tingnan ang tao para sa anumang nakikitang senyales ng sakit.
- **Kung may anumang senyales ng sakit ang estudyante at wala ang magulang**, ipadala sila sa designadong espasyo ng isolation para tawagan ang magulang at umuwi. Bigyan ang magulang ng papel ng impormasyon sa Pananatili sa Bahay.
- Kung hindi maabot ng kawani ang magulang, dapat i-isolate ang bata sa Lugar ng May-sakit na Estudyante sa pagsunod sa Mga Patnubay sa Pag-aalaga ng Mga May Sakit na Bata sa site hanggang maabot ang magulang.

## MGA PAGSUSURI SA BUS STOP

Ang mga nararapat na sumasakay sa bus ay susuriin. Kung ang may sakit na bata ay 12 taong gulang o mas bata, dapat siyang iuwi ng magulang o mas matandang kapatid at komunsulta sa doktor. Kung walang miyembro ng pamilya na available para sa bata, ang tsuper ng bus ay maglalagay ng mask sa bata, iuupo ito sa isang nakahiwalay na upuan sa harap ng bus at ihatid sila sa paaralan. Ilalagay ang estudyante sa pangangalaga ng school nurse o school administrator.





# PERSONAL PROTECTIVE EQUIPMENT

Ang pamproteksiyong kagamitan ay hindi kapalit ng social distancing o tamang kalinisan ng katawan. Upang mapababa ang exposure sa COVID- 19, ang pamproteksiyong kagamitan ay kailangan para mapigilan ang ilang mga exposure.

## **MGA TAKIP SA MUKHA**

Ang mga takip sa mukha ay mahalagang bahagi ng proteksiyon sa komunidad, pati na ang personal na kalinisan, social distancing, at mga pagsusumikap sa madalas na paglilinis. Kailangan ang mga mask sa Baitang 3-12 at sa lahat ng adult. Lahat ng mga pantakip sa mukha ay susunod sa ipinatupad ng Board na dress code. Ang mga hindi susunod sa mga protokol sa pantakip ng mukha ay hindi papayagan sa lugar ng paaralan.

**Ang lahat ng nasa campus ay dapat magsuot ng mask, maliban sa sumusunod:**

- Ang mga estudyante sa Baitang TK-2 habang nakaupo sa desk nila.
- Kapag ang mga estudyante ay nauugnay sa mga panlabas na pisikal na aktibidad na may social distancing, limitadong paggamit ng mga mask.
- **Sa mga limitadong sitwasyon**, kung saan ang mga takip sa mukha ay hindi magagamit dahil sa kadahilanang pedagogical o developmental (iyong ay, pakikipagkomunika o pagtulong sa mga batang bata o mga may espesyal na pangangailangan) ang **face shield** ay maaaring gamitin ng kawani sa silid-aralan sa halip na telang pantakip ng mukha sa kundisyon na ang nagsusuot ay nagpapanatili ng pisikal na distansiya mula sa ibang tao. Ang kaani ay dapat bumalik sa pagsusuot ng takip sa mukha sa labas ng silid-aralan.
- Ang mga empleyado kapag wala sila sa paligid ng ibang tao.
- Mga guro, aide at ibang pangsuportang tauhan kapag wala sa paligid ng ibang tao.

## **MGA GAGAWIN AT 'DI GAGAWIN SA MGA MASK**

Gagawin	'Di Gagawin
<ul style="list-style-type: none"><li>• Lubos na takpan ang bibiga at ilong</li><li>• Siguruhing ipirmi ang mask nang tama ang higit sa mga gilid ng mukha mo</li><li>• Ipirmi para hindi dumulas</li><li>• Iwasang hawakan ang mukha mo hangga't maaari</li><li>• Laging ilagay ang mask mo sa malinis na lugar</li><li>• Panatiliing malinis ang mask mo</li><li>• Linisin ang mga kamay agad gamit ang sabon at tubig o hand sanitizer, bago isuot, ayusin, hipuin, o matapos alisin ang mask mo</li><li>• Alisin ang mask mo para sa pagkain, meryenda, naptime, at mga panlabas na aktibidad</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Ibahagi ang mask mo sa ibang tao. Ikaw lang dapat ang gumagamit ng iyong mask</li><li>• Hatakin ang mask mo sa ibaba ng ilong mo o baba habang suot ito</li><li>• Kalimutan ang iyong mask!</li></ul>



## GUWANTES


Lahat ng mga custodian at tauhan ng serbisyo sa pagkain ay dapat magsuot ng guwantes. Ang iba pang mga kawani ay kinakailangang magsuot ng guwantes kapag naglilinis o direktang makipag-ugnay sa isang estudyante na may sakit o inaayos ang mask. Ang paghipo sa iyong mukha ng mga kontaminadong kamay, naka-guwantes man o hindi, ay nagdudulot ng malaking panganib ng impeksyon. Ang guwantes ay hindi nagbabawa ng pangangailangan na maghugas ng iyong mga kamay. Mangyaring tandaan na hugasan nang maayos ang iyong mga kamay dahil ito ang pinakamabisang depensa laban sa anumang virus. Bilang karagdagan, ang wastong pagtanggap ng guwantes ay binabawasan ang peligro na mahantad sa kontaminasyon.

## BILANG KARAGDAGAN SA PAGGAMIT NG PPE, PAKITANDAANG:

- Hugasan ang mga kamay mo gamit ang sabon at tubig ng 30 segundo man lang. Gumamit ng hand sanitizer na may 70% man lang na alcohol kung walang sabon at tubig.
- Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong at bibig
- Takpan ang iyong bibig at ilong o gamitin ang loob ng siko mo kapag ikaw ay umubo o bumahing

## PAMAMAHALA SA SILID-ARALAN

- Ituturo ang mga patakaran sa social distancing, muling bibigyang-diin at ipatutupad sa kabuuan ng araw ng pagpasok sa paaralan
- Buksan ang mga bintana kung posible
- Iwasang maghiraman ng materyales sa pag-aaral at mga supply; kung kailangang maghiraman, linisin at i-disinfect sa pagitan ng mga paggamit
- Dagdag na paggamit ng mga panlabas na espasyo para sa pagtuturo
- Ipatupad ang mga pamamaraan sa pagsusumite ng mga asignatura na magpapababa sa kontak sa estudyante
- Ang mga desk ng estudyante ay dapat ayusin para nakaharap sa parehong direksiyon at para maximize ang layo sa pagitan ng bawat desk
- Ang mga karagdang rug at muwebles ay dapat alisin para magpahintulot sa pag-e-espasyo ng mga desk ng estudyante
- Ang mga bisita o boluntaryo sa silid-aralan ay hindi papayagan sa mga silid-aralan
- Sakaling maghain ng mga meryenda o tanghalian sa silid-aralan, hindi pinapayagan ang mga estudyanteng magbahagi ng pagkain o inumin



## MGA TRANSPARENT NA HADLANG

- Nakakabit sa lahat ng tanggapan ng paaralan
- Nakakabit sa anumang panloob na espasyo kung saan hindi makakamit talampakan ng physical distancing batay sa mga partikular sa site na mg:



# MGA TAMANG KASANAYAN SA KALINISAN NG KATAWAN

## PANGKALUSUGANG EDUKASYON

Magbibigay ang mga guro ng maikling aralin sa kanilang mga estudyante sa mga inirekumendang mga paksa sa edukasyon sa kalusugan na nauugnay sa mabuting gawi sa kalinisan at magtuturo sa kanila sa anumang pamamaraan na sa palagay nila ay pinakaangkop para sa kanilang mga estudyante.

Ang mga guro at kawani ay bibigyan ng isang link sa isang kurso nang online sa mga inirekumendang paraan upang makapag-ambag sa paglilinis at kalinisan ng kanilang silid-aralan, kagamitan sa silid-aralan, at mga supply.

Ang mga klase sa pamumuno na batay sa site ay mauugnay sa pagpapalano at paghahanda ng pagmemensahe na batay sa site para sa mga social distancing na protokol at wastong gawi sa kalinisan.

## PAGHUHUGAS NG KAMAY

- Lahat ng mga estudyante at kawani ay hihikayatin at paaalalahanang regular na maghugas ng mga kamay nila.
- Ang tamang paghuhugas ng kamay at pagtakip ng pag-ubo at pagbahing ay ituturo at bibigyang-diin sa lahat ng kawani at mga estudyante.
- Ang mga visual aid sa tamang pamamaraan sa paghuhugas ng kamay ay ipapaskila sa tabi ng lahat ng lababo.
- Hihikayatin ang paghuhugas ng kamay bago ang mga paglipat.
- Ang mga sapat na supply para sa mabuti sa kalusugang kasanayan sa paglilinis tulad ng sabon, hand sanitizer, at papel na tuwalya ay ilalaan.



### Mga Dulugan

- [K-3 Video](#)
- [4-12 Video](#)
- [Paano Pumapasok sa Katawan ang Mga Mikrobyo?](#)
- [Mabubuting Mikrobyo vs Mga Masasamang Mikrobyo](#)

## HAND SANITIZER

- Ang hand sanitizer ay magagamit ng mga estudyante ay kawani kung hindi makakapaghugas ng kamay
- Ang mga ethyl alcohol-based na hand sanitizer ay mas nais at dapat gamitin
- Huwag gumamit ng hand sanitizer na naglalaman o maaaring maglaman ng methanol

## MGA SUPPLY AT MATERYALES SA SILID-ARALAN

- Lilimitahin ng mga paaralan ang paghihiraman ng mga supply at materyales sa pagitan ng mga estudyante at idi-disinfect ito sa pagitan ng paggamit kung hindi maiiwasan ang paghihiraman
- Ang mga estudyante ay may sarili nilang designadong desk na may sarili nilang mga supply na gagamitin




# PHYSICAL DISTANCING

## **MGA OPISINA NG PAARALAN**

Ang pasilyong papunta sa pintuan ng opisina ay mamarrkahan ng mga lugar ng hintayan na anm na talampakan ang layo para sa mga magulang at estudyante.

## **DALOY NG TRAPIKO**

- Para sa mga pribadong sasakyan, magdidisenyo ang mga paaralan ng partikular sa site na plano na nagpapahintulot sa paghahatid sa estudyante nang maikalat ang paghahatid at sumunod sa mga social distancing na protokol.
- Para sa foot traffic, imamapa ng mga paaralan ang daloy ng trapiko para sa mga karaniwang espasyo at ibahagi ang plano nila sa kawani at mga pamilya. Ituturo ng karatula ang tamang daloy ng foot traffic. Ang mga estudyante at kawani . ay susunod sa mga pattern na tio sa mga pang-araw-araw na paglipat.



## **KUWARTO NG PAG-AALAGA**

Ang bawat site ay tutukoy at gagamit ng Kuwarta ng Pag-aalaga para sa mga estudyante na nagpapakita ng sintomas sa araw ng pagpasok sa paaralan. Ang Kuwarta ng Pag-aalaga ay nasa isang lugar na maaaring masubaybayan ng adult sa lahat ng oras

## **TRANSPORTASYON**

PAG-EESPASYO: Isang estudyante sa bawat upuan, nakakalat sa magkabilang upuan, maliban kung nakaupo kasama ang miyembro ng pamilya o ibang tao na sila ay nasa malapitang kontak sa panahon ng quarantine. Ang pag-espasyo at social distancing ng mga estudyante sa mga bus/van/kotse ay sasailalim sa pagbabago batay sa patnubay mula sa Mga Public Health Officials ng County. Ang mga bintana ay medyo bukas kapag pinahihintulutan ng panahon.

## **MGA SILID-ARALAN**

PAG-EESPASYO: Lahat ng mga desk ng estudyante ay ipoposisyon gn may 6 na talampakan ang layo sa 3 talampakang radius.

DAMI NG MGA ESTUDYANTE: Ang bilang ng mga estudyante na mapapayagang dumalo nang sabay-sabay ay madedetermina sa laki ng kuwarta at sa pagkakaposisyon ng 6 na talampakan ang layo.



# SINTOMAS NG COVID & AT TUGON SA KASO

Estudyante o Kawani na May	Pagkilos	Komunikasyon
1. Sintomas ng COVID-19 na walang alam na exposure.	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pauwiin</li> <li>• Irekomenta ang pag-test (kung positibo, tingnan ang #3, kung negatibo, tingnan ang #4)</li> </ul>	Walang Pagkilos ang Kailangan
2. Malapitang kontak sa taong may kilalang pagka-expose sa kumpirmadong COVID-19	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pauwiin at sundin ang mga Kautusan at Tagubilin ng SJC PHS sa Quarantine</li> <li>• Mag-quarantine ng 14 na araw mula sa huling pagka-expose. Nirekomendang pag-test sa araw 7-12 (ang negatibong resulta ay hindi magpapaikli sa 14-araw na quarantine.</li> <li>• Mananatiling BUKAS ang paaralan/silid-aralan</li> </ul>	Pag-isipang abisuhan ang kawani at mga pamilya o mga bata sa cohort.
3. Ang estudyante o kawani ay may kumpirmadong COVID-19 na impeksiyon	<p>Abisuhan ang SJC PHS: Telepono (209) 468-3822; Email: Schools@sjcphs.org</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Manatili sa bahay na may mga tagubilin na mag-isolate sa bahay ng 10 araw man lang makalipas ng pagganap ng mga unang sintomas. Sundin ang SJCPHS Mga Utos at Tagubilin sa Pag-isolate.</li> <li>• Kilalanin ang mga malapitang kontak para maisama ang buong silid-aralan/cohort ng taong may COVID-19. <ul style="list-style-type: none"> <li>• Bilinang mag-Quarantine sa bahay ng 14 na araw makalipas ang huling petsa na ang taong may COVID-19 ay nasa paaralan/programa habang nakakahawa.</li> <li>• Magpa-test agad para sa COVID-19 kung may sintomas. Kung walang sintomas, ang pag-test ay nirekomenda sa 7-12 araw makalipas ang pagka-expose (pero paiikliin sa 14-17 ang quarantine kung negatibo).</li> </ul> </li> <li>• Linisin at i-disinfect ang mga espasyo kung saan ang taong may COVID-19 ay nagtagal.</li> <li>• <b>Silid-aralan/cohort SARADO ng 14 na araw makalipas ang huling pagka-expose. Ang mga hindi na-expose sa silid-aralan/cohort ay mananatiling bukas.</b></li> </ul>	<p>Abisuhan ang kawani at mga pamilya ng mga batang malapitang kontak gamit ang SJC PHS na Na-expose template ng liham.</p> <p>Pag-isipang abisuhan ang lahat ng ibang kawani at pamilya tungkol sa mga kaso ng COVID-19 gamit ang SJC PHS Hindi Na-expose na template ng liham.</p>
4. Negatibong test makalipas ang sintomas ng COVID-19 na walang alam na exposure	<p>Bumalik kapag ang lahat ng sumusunod ay totoo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Maaaring bumalik sa paaralan ng 3 araw matapos malutas ang mga sintomas</li> <li>• Walang lagnat ng 24 na oras, na hindi gumagamit ng pampababa ng lagnat na gamot tulad ng acetaminophen (Tylenol), ibuprofen (Motrin, Advil) o naproxen (Aleve)</li> <li>• Dokumentasyon ng negatibong resulta sa test ng bata</li> <li>• Ang tala ng doktor ay hindi kailangan at hindi nagpapahintulot ng mas maagang petsa ng pagbabalik Mananatiling bukas ang paaralan/silid-aralan/cohort</li> </ul>	
5. May sintomas ng COVID-19 at hindi na-test o hinihintay ang test resulta	<p>Bumalik kapag ang lahat ng sumusunod ay totoo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Bumuti ang mga sintomas.</li> <li>• 10 araw ang nakaraan mula noong unang nakaroon ng sintomas.</li> <li>• Walang lagnat ng 24 na oras, nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat. Hindi kailangan ng tala ng doktor at hindi nagpapahintulot ng mas maagang petsa ng pagbabalik.</li> </ul>	

## Mga Gagawing Hakbang Bilang Tugon sa Negatibong Resulta ng COVID-19 Test

(+) Ang kontak ay ang taong nasa <6 talampakan ang layo mula sa kaso ng >15 minuto sa ilang sitwasyon, maaaring mahirap na malaman kung ang mga indibiduwal ay nakatugon sa pamantayang ito at ang buong cohort o ibang pangkat ay maaaring ituring na na-expose, partikular kung nagsama sila ng ilang panahon sa loob

(++) Ang cohort ay matatag na pangkat na may mga nakapirming pagmimiyembro na nananatiling magkasama para sa lahat ng kurso at aktibidad (hal. tanghalian, recess, atbp.) at iniwasan ang kontak sa mga ibang tao o mga cohort

Kinuha ang chart mula sa COVID-19 and Reopening In-Person Learning Framework for K-12 Schools in California, 2020-2021 School Year July 17, 2020



# MGA PATNUBAY SA PAGBABALIK

## MGA PATNUBAY SA KOMUNIKASYON

Mga patnubay sa komunikasyon kapag ang estudyante o miyembro ng pamilya ng estudyante ay na-test na positibo para sa COVID:

- Kapag ang estudyante o miyembro ng pamilya ng estudyante ay nag-test ng positibo para sa COVID, aabisuhan agad ng magulang ang punong-guro o nurse ng paaralan
- Ang punong-guro o designado ay agad kokontak sa SUSD Health Services para simulan ang mga angkop na kasanayan sa bawat patnubay sa HHS ng county, at pagkatapos ay makikipagkomunika sa rehiyonal na direktor ng paaralan
- Ang saradong silid-aralan, opisina o espasyon kung saan nakabatay ang miyembro ng komunidad na Espasyo ay hindi gagamitin hanggang makalipas ang masinsinang paglilinis at pag-disinfect
- Ang apektadong partido ay hindi babalik sa campus hanggang na-clear na bumalik sa paaralan ng kanilang doktor ayon sa mga pampublikong kalusugang direktiba ng county
- Ang positibong resulta ng test ng estudyante o cohort ay maaaring magresulta na ang buong cohort ay lumipat sa Malayuag Pag-aaral sa panahon ng labing-apat na araw mula sa diyagnosis
- Ang sinumang kapatid o miyembro ng sambahayan o miyembro ng komunidad na na-test na positibo para sa COVID ay lilipat rin sa Malayuag Pag-aaral hanggang ma-clear silang bumalik sa paaralan ng doktor nila ayon sa mga direktiba ng pampublikong kalusugan ng county
- Kung maapektuhan ang maramihang cohort, maaaring atasan ang paaralang lumipat sa malayuag pag-aaral sa 14-na araw na panahon. Ang anumang desisyong ilipat ang paaralan sa Malayuag Pag-aaral ay gagawin sa pakikipagtulungan sa Superintendent at opisyal ng pampublikong kalusugan ng county
- Ikokomunika ng paaralan ng positibong resulta ng test ayon sa mga pangkalusugang direktiba ng county
- Kung ang cohort o ang paaralan ay lumipat sa Malayuag Pag-aaral para sa anumang panahon ng oras, isa-sanitize ng paaralan ang mga espasyong ginamit ng cohort o mga cohort ayon sa mga patnubay ng CDC
- Suportahan ang mga estudyante na nasa mas mataas na peligro para sa malalang sakit o hindi ligtas na makakapagdistansiya mula sa mga kontak sa bahay na nasa mas mataas na peligro sa pagbibigay ng mga opsyon para sa malayuan at/o independiyenteng pag-aaral



**Ihinto ang  
COVID-19**

## PAGSASARA NG PAARALAN AT KALAUNANG MULING PAGBUBUKAS

Ang Stockton Unified School District, sa konsultasyon sa Public Health, ay dedetermina kung ang bahagya o buong pagsasara ng paaralan ay kailangan batay sa gabay at rekomendasyon mula sa CDPH. Mangyaring sumangguni sa pinakakasalukuyang gabay, kasalukuyang ang sumusunod:



# PAMANTAYAN NG ESTADO SA PAGPAPAHINTULOT SA PERSONAL NA PAGTUTURO (MULA HULYO 17, 2020)

**Pagsasara:** Ang paaralan ay dapat magsara sa personal na pagtuturo kung ang County ay

natukoy para sa Purple Tier (Malawakan). Kung ang County ay natukoy para sa Purple Tier 1, ang mga paaralan ay dapat magsagawa ng malayuang pag-aaral hanggang ang county ay nasa Tier 2 ng 14 na magkakasunod na araw. Kung ang County ay natukoy sa Purple Tier 1, ang mga Superintendent (sa konsultasyon sa mga organisasyon ng pagtatrabaho, magulang ta komunidad) ay maaaring humiling ng pagpapaubaya mula sa Mga Pampublikong Kalusugang Opisyal ng County para sa personal na pagtuturo.

**Muling Pagbubukas:** Maaaring muling magbukas ang paaralan ng personal na pagtuturo matapos lumipat ang County mula sa Purple Tier 1 (malawakan) papunta sa Red Tier 2 (Makabuluhan) at manatili doon ng 14 na magkakasunod na araw.



## LOKAL NA PAMANTAYAN PARA SA PAGSASARA AT MULING PAGBUBUKAS BILANG TUGON SA MGA KASO NG COVID-19

Individuwal na Pagsasara ng Paaralan: Ang pagsasara ay nirerekomenda batay sa bilang ng mga kaso, ang porsiyento ng guro/mga mag-aaral/kawani na positibo para sa COVID-19 kasunod ang konsultasyon sa County Health Officer . Halimbawa, ang pagsasara ng paaralan ay maaaring angkop sa alinman sa mga sumusunod na senaryo:

- Maramihang kaso sa maramihang cohort sa paaralan
- May 10 kaso man lang o 5 porsiyento ng kabuuang bilang ng kaso ng mga guro/estudyante/kawani sa loob ng 14-na araw na panahon, depende sa laki at pisikal na layout ng paaralan
- Pampublikong kalusugang imbestigasyon o ibang lokal na resulta ng epidemiological data sa County Health Officer na nagrerekomenda ng pagsasara ng paaralan

Pagsasara ng Distrito ng Paaralan: Inirekomenda ang pagsasara ng Superintendent kapag 25% o higit pa sa mga paaralan sa isang distrito ay nagsara dahil sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw, at sa pagkonsulta sa lokal na departamento ng kalusugan para sa publiko.

Muling Pagbubukas: Ang Public Health at ang paaralan ay may komunikasyon sa buong prosesong ito. Ang paaralan at mga distrito ng paaralan ay karaniwang makakapagbukas muli makalipas ang 14 na araw at sa sumusunod:

- Naganap ang paglilinis at pag-disinfect
- Kumpleto na ang imbestigasyon ng pampublikong kalusugan
- Kinonsulta ang lokal na pampublikong kalusugan at walang mga alalahanin sa muling pagbubukas

Ang mga punong-guro, sa konsultasyon sa Distrito, ay mag-aabiso sa komunidad ng paaralan tungkol sa muling pagbubukas ng mga paaralan



## SANITASYON

Ang kaligtasan ng mga empleyado at estudyante namin ay ang una naming prioridad. Sa muling pagbubukas, lubusang nalinis ang aming mga paaralan at na-disinfect, at patuloy kaming susunod sa lahat ng mga kailangang pangkaligtasang pag-iingat. Isinaalang-alang ng mga site ang mga patnubay ng CDC sa muling pagbubukas ng mga gusali matapos ang matagalang pagsasara. Bilang dagdag sa masinsinang paglilinis ng opisina at paaralan bago ang mga empleyado at estudyante ay bumalik, ang mga hakbang na nakabalangkas sa ibaba ay rutinang maninilbihan para protektahan ang lahat ng tao at bawasan ang peligro ng pagkalat ng impeksiyon.

### PANLINIS

Kapag pumipili ng mga pang-disinfect na produkto, gamitin ang inaprubahan para gamitin laban sa COVID-19 sa inaprubahan ng Environmental Protection Agency (EPA) na listahan (“N”).

### PANGKALAHATANG PAMAMARAAN SA PAG-DISINFECT

Kategorya	Lugar	Dalas
Mga lugar ng pagtatrabaho	Mga Silid-aralan, Mga Opisina	Sa katapusan ng bawat paggamit/araw
Mga Appliance	Mga Refrigerator, Microwave, Coffee Machine	Araw-araw
Elektronikong Kagamitan	Mga Copier machine, Computer Monitor, Telebisyon, Telepono, Keyboard	Sa katapusan ng bawat paggamit/araw at/o sa pagitan ng paggamit
Mga Pangkalahatang Ginagamit na Gamit	Mga Hawakan. Switch ng Ilaw, Mga Lababo, Banyo	Araw-araw
Mga Karaniwang Lugar	Cafeteria, Library, Mga Conference Room, Gyms, Mga Karaniwang Lugar	Sa katapusan ng bawat paggamit/araw; sa pagitan ng mga pangkat

### MGA NAKABAHAGING ESPASYO

Hinihikayat ang mga empleyadong i-disinfect ang lugar ng trabaho nila nang maraming beses sa araw, nagbibigay ng espesyal na atensiyon sa mga karaniwang nahihipong mga surface. Ang mga site na paaralan ay may mga alcohol-based hand sanitizer at mga panlinis na produkto na maa-access sa kabuuan ng lugar ng trabaho para i-disinfect ang mga madalas mahipong mga gamit at surface tulad ng mga telepono at keyboard. Ang custodial team ng site ay maglilinis ng lahat ng mga espasyo ng trabaho sa designado nilang oras ng paglilinis at ang lahat ng mga kuwarto ay madi-disinfect bawat gabi. Kapag kailangan, ang mga nasanay na custodial staff ay magdi-disinfect ng mga natukoy na espasyo gamit ang mga electrostatic na fogger. Ang tamang kagamitan tulad ng mga katanggap-tanggap na disinfectant at PPE ay gagamitin kapag naglilinis ng mga indibiduwal na lugar ng trabaho.





May limitadong access sa ilang mga espasyo ng trabaho para mabawasan ang pagka-expose sa mga peligro at ang pagsiguro ng kaligtasan ng empleyado sa paggamit ng Workspace ay ang sumusunod:

**Kapasidad ng Opisina** – Sariling magsusubaybay ang kawani sa dami ng mga tao sa opisina at magpapasya kapag ligtas nang pumasok

**Mga Conference Room** – Ang ilang mga conference room ay isasara hanggang sa higit na abiso. Ang karatulang tumutukoy sa pagsasara/limitasyon sa kapasidad ay ilalagay sa mga pintuan ng conference room. Lahat ng mga pagpupulong ay kailangang gumamit ng Zoom bilang virtual option, kahit na para sa mga empleyado sa parehong opisina o paaralan.

**Mga Breakroom o Teacher Lounge/Multipurpose Room** – Ang mga espasyong ito ay isasara para magamit sa abiso sa hinaharap. Kasama dito ang paggamit ng mga naka-share na appliance tulad ng mga coffee machine, refrigerator, at microwave.

**Copy Room** – Limitado ang access sa copy room. Anh karatulang tumutukoy sa mga restriksiyon ay ipapaskil habang pinatutupad ang bawat yugto. Sariling magsusubaybay ang kawani sa dami ng mga tao sa Copy Room at magpapasya kapag ligtas nang pumasok.

Bibigyan ang custodial staff ng tamang mga suply para sa sanitasyon at susunod sa mga patnubay ng CDC sa pagsa-sanitize ng lahat ng mga lugar ng campus ng paaralan at sisiguruhin na ang mga supply ng sabon at papel na tuwalya ay maingat na nasusubaybayan at mapupunan sa lahat ng lokasyon ng paaralan

## **MGA KONSIDERASYON SA HVAC & AT SIRKULASYON NG HANGIN**

- Magpakita ng sariwang hangin sa labas hangga't maaari
- Buksan ang mga bintaha hangga't maaari
- Suriin at linisin ang mga filter ng hangin para masiguro ang tamang kalidad ng hangin at sirkulasyon
- Siguruhin ang tamang bentilasyon sa paglilinis at pag-disinfect
- Pahintulutan ang sapat na bentilasyon ng hangin ng mga espasyo ng estudyante kapag naglilinis bago dumating ang estudyante
- Magplano ng kasing daming paglilinis kapag wala ang mga estudyante



# MGA PAMANTAYAN SA NILALAMAN SA LUGAR NG ANTAS NG BAITANG

Ang pagtuturo para sa lahat ng mga pamantayan sa nilalaman sa lugar ng antas ng baitang ay inaasahang maihatid sa lahat ng mga estudyante sa pamamagitan ng personal at/o isang online platform. Sa ngayon, hindi nagpalabas ang California Department of Education ng bawas na listahan ng mga pamantayan para gamitin ng mga guro para gabayan ang pagpapalano at paghahatid ng kanilang tagubilin. Walang mga itinalagang asignatura, aktibidad, at proyekto na itatalaga sa isang estudyante na walang pagkakataon ang estudyante na makatanggap ng tagubilin mula sa kanyang guro.

Ang pagtuturo sa core content area ay sasaklawan sa mga araw ng personal na pagtuturo. Ang mga karagdagang lugar ng pagtuturo ay sasaklawan sa mga araw noong ang lahat ng mga guro, pangsuyong kawani, at mga estudyante ay nauugnay sa Malayuang Pag-aaral. Ang mga Counselor ay magko-co-facilitate sa mga social emotional na leksiyon sa pag-aaral

## AKADEMIKONG PAGPAPATULOY

Ang matagumpay at mahigpit na pag-aaral ay nangangailangan ng inaasahan ng SUSD na ang mga guro ay sumandal sa pinakamahusay na mga kasanayan sa pagtuturo habang nagtataguyod ng pagmamalaki ng estudyante at pagmamay-ari sa produkto ng kanilang trabaho. Ang bawat guro ay magtatrabaho upang magtaguyod ng mga kundisyon kung saan ang mga estudyante ay may isang malinaw na kahulugan ng layunin, mga pagkakataon upang ipahayag ang kanilang mga sarili, at mga karanasan na nagpapahintulot sa kanila na magtrabaho patungo sa pagdadalubhasa. Makatutulong ito sa mga estudyante na manatiling maganyak at makisali sa pag-aaral, kahit na wala silang pisikal na paaralan.

Sa Hybrid at Malayuang Pag-aaral na programa, ang mga guro ng SUSD ay magdidisenyo at maghahatid ng:

Direktang pagtuturo (ang pagtuturo ay ilalaan ng live at direkta ng isang SUSD educator)

- May gabay na oportunidad sa pagsasanay (mga oportunidad sa pag-aaral na nilaan sa mga estudyante na may ginabayang live na suporta ng isang SUSD educator)
- Ang mga independiyenteng oportunidad (sariling ginabayang oportunidad sa pag-aaral kung saan ang mga estudyante ay independiyenteng nagtatrabaho sa mga tinalagang aktibidad)
- Ang tatlong bahagi na ito ay paplanuhin at ihahatid sa koordinasyon, dahil ito ay mahahalagang bahagi ng mabisang pagtuturo

Mga Bahagi sa Pagtuturo	Ano ang itsura nito?	Anong mga kasangkapan ang gagamitin natin?
Pakikipag-ugnay	Brainstorming Pagtatanong Pagkuha ng Naunang Kaalaman	Google Classroom, Zoom, FlipGrid, WeVideo, Mga Dulugang Batay sa Curriculum, Mga Video na Nilikha ng Guro
Paggalugad	Pananaliksik, Manood ng Mga Video, Magbasa ng Mga Artikulo, Offline na Gawain, Talakayin	Mga Paghahanap sa Web, mga tanong sa Google Classroom, Google Hangout, Mga nakabahaging slide deck, Mga Curriculum-based na Dulugan
Paliwanag	Direktang Pagtuturo	Google Meet (nakabahaging screen) Google Hangout Screencastify Zoom FlipGrid Mga Curriculum-based na Dulugan
Elaborasyon	Mga May Gabay na Oportunidad sa Pagsasanay, Paggawa ng Mga Koneksiyon, Pagpapatupad ng Pag-aaral sa mga bagong sitwasyon, Pagpapaliwanag kung paano, Nilikha ng estudyanteng mga materyales sa pag-aaral at dulugan	Mga Nakabahaging Google Docs, mga slide, Prezis, FlipGrid, Kahoot!, Mga Curriculum-based na Dulugan



Naghahandog ang chart ng mga halimbawa ng mga pagtuturong oportunidad na ibibigay ng mga guro pati na ang mga pag-aaral na modalidad na magagamit para makatulong sa pagtuturo.  
Pakitandaan: ito ay mga halimbawa at hindi komprehensibong listahan.

## MGA INAASAHAN SA PAGTUTURO

**PERSONAL NA PAG-AARAL:** Ang mga estudyante ay bibigyan ng direktang live na pagtuturo dalawang araw sa isang linggo na saklaw ang nilalaman na katumbas ng apat na araw ng pagtuturo. Lahat ng mga core content area na leksiyon ay partikular na ididisenyo para isama ang pagtuturong nilalayan sa pagiging dalubhasa ng Integrated English Language Development (ELD) standards Ang mga designadong ELD na pagtuturo ay ilalaan araw-araw.

**INDEPENDIYENTENG PAGSASANAY=/ASYNCHRONOUS NA PAG-AARAL:** Ang mga estudyante ay bibigyan ng sariling ginagabayang oportunidad sa pag-aaral kung saan ang mga estudyante ay independiyenteng nagtatrabaho sa mga tinalagang aktibidad. Ang estudyante ay bibigyan ng lahat ng independiyenteng pagsasanay ma asignatura na kaugnay ng direktang live na pagtuturo na matatanggap nila sa kanilang mga personal na araw ng pag-aaral. Ang mga asignaturang ito ay inaasahang makumpleto kapag wala sila sa site ng paaralan para sa mga personal na araw ng pag-aaral. Ang trabahong ito ay hindi papalit sa direktang pagtuturo at ginabayang pagsasanay na trabahong nagaganap sa araw ng pag-aaral.

**MALAYUANG PAG-AARAL (TUWING MIYERKULES):** Ang aming mga estudyante ay bibigyan ng direktang tagubilin at independiyenteng kasanayan kapag Miyerkules. Ang mga estudyante ay makakatanggap ng kanilang live na pagtuturo sa pamamagitan ng Zoom at ia-access ang kanilang mga takdang-aralin at aktibidad sa pag-aaral sa pamamagitan ng Google Classroom. Ang pagtuturo ay maitatala at ipo-post sa bawat Google Classroom bilang isang mapagkukunan para sa mga estudyante na nangangailangan ng suporta pati na rin ang mga estudyante na hindi ma-access ang live na pagtuturo sa panahon ng itinalagang bloke ng oras na ito ay nilaanan. Ang na-record na mga aralin ay ibibigay sa lahat ng mga estudyante na walang access sa internet. Ang mga estudyante ay bibigyan ng isang extension para sa pagtugon sa mga takdang-aralin at mga senyas na katumbas ng haba ng oras kung saan wala silang pag-access.

Magbibigay ang mga guro ng isang independiyenteng pagtatalaga ng kasanayan sa mga estudyante na nauugnay sa direktang live na pagtuturo na ibinigay nila nang malayuan. Ang trabahong ito ay hindi papalit sa direktang pagtuturo at ginabayang pagsasanay na trabahong nagaganap sa araw ng pag-aaral.

**IBA'T IBANG PAGTUTURO:** Ang pag-iiba-iba ay magiging mas madali at mas kaunting mga estudyante na personal sa bawat araw. Ang mga guro ay isasama sa pagbuo ng cohort na magbigay ng input sa paghihiwalay sa mga estudyante; subalit, kinikilala ng lahat ng mga partido na ang mga pangangailangan sa transportasyon ay ang unang prayoridad. Ang bawat site ng paaralan ay gagamit ng naitaguyod nitong Multi-Tiered Systems of Support (MTSS) sa iba't ibang kapasidad.

**PAGMAMARKA/PAGSUSURI:** Layunin naming matiyak ang patas na pag-access ng lahat ng mga tagubilin at materyales sa lahat ng mga estudyante, upang mapanagot namin ang lahat ng estudyante para sa kanilang mga produktong gawa sa pag-aaral. Ang pag-unawa sa kasalukuyang katayuan ng katayuan sa kapaligiran sa bahay ng bawat mag-aaral, partikular na tungkol sa pagkakakonekta, ngayon ay isang pangunahing focal na punto ng pagpapalawak sa pagtuturo ng aming mga guro.

Mamarkahan ang estudyante sa materyales na nilaanan sila ng direktang pagtuturo. Kung ang isang bata ay walang access sa mga direktang pagkakataon sa pagtuturo, bibigyan sila ng mga pagkakataon na tingnan ang naitala na tagubilin at makatanggap ng paglilinaw, mga tutorial, katanungan at suporta sa oras ng opisina. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng isang pagpapalawak ng oras upang tumugma sa tagal ng oras na napalampas mula sa paunang aralin hanggang sa oras ng pagbibigay ng estudyante ng pag-access sa aralin at mga pagkakataon para sa suporta. Kung ang isang estudyante ay hindi binigyan ng pag-access sa materyales at sapat na mga pagkakataon para sa suporta, hindi sila mabibigyan ng marka sa materyal.

**PAGTATASA:** Ang mga estudyante ay bibigyan ng formative at sumative na pagtatasa upang suriin ang pag-unlad ng estudyante, pag-unawa at pagkadalubhasa sa nilalaman. Ang mga proyekto, presentasyon at pakikipagtulungan na trabaho ay itatalaga ng mga guro bilang angkop para iayon sa paksang usapin. Gagamitin ng mga guro and iba't ibang pagtatasa bago ang, sa at matapos ihatid ang kanilang de-kalidad na pagtuturo:



### Pagbabalik sa paaralan



## PROPESYONAL NA PAG-UNLAD

Ang pagsasanay sa lahat ng mga miyembro ng kawani sa mga sumusunod na paksa ay nakilala bilang pinaka-agarang pangangailangan:

- Ipinahiwatig na Pagkiling
- Tumutugon sa Kultura
- Sensitibo sa Lahi
- Bumubuo ng Digital na Komunidad
- Designado at Isinamang English Language Development (ELD)
- Pagiging Maintindihin

Ang sumusunod ay nakilala bilang ang pinakamabisang paraan upang maihatid ang propesyonal na pag-unlad sa aming kawani:

- Kolaborasyon sa antas ng baitang
- Kolaborasyon sa antas ng site
- Mga pangkat na batay sa interes

## MGA PANLABAS NA AKTIBIDAD

- Ang mga punong-guro ng site ay magdedesigna ng mga panlabas na lugar na pahihintulatang magamit, batay sa mga protokol sa social distancing. Ang bawat lugar ay gagamitin lang ng isang cohort/klase bawat pagkakataon sa umiikot na iskedyul.
- Ang bawat paaralan ay mag-i-iskedyul ng panlabas na pagkain hangga't maaari, kapag pinahihintulutan ng panahon.
- Gagawa ang mga punong-guro ng site ng Iskedyul para sa Recess kapag Maulang Araw na susunod sa mga social distancing na protokol
- Ang mga panlabas na espasyo ay io-optimize at gagamitin kailanman posible. Ang pagggamit ng mga istraktura ng paglalaro, permanente at mobile na communal na kagamitan ay ipagbabawal.
- Ang mga guro ay may opsiyong buksan ang mga silid-aralan para sa mga estudyante tulad ng lagi.

## MGA ISKEDYUL NG PAGLIPAT

- Ang bawat paaralan ay maaaring magpasyang mag-iskedyul ng mga aktibidad para sa Physical Education sa mga istasyon para sa mga maaagang dumating, mga oras ng paglipat at recess.
- Ang mga naka-label na lokasyon para sa mga oras ng paglipat ay mamarkahan sa bawat site ng paaralan.
- Sa mga secondaryong paaralan, daragdagan ang mga oras ng panahon ng pagdaan para pahintulutan ang kawaning tulungan ang custodial na kawani sa pagsa-sanitize ng mga lugar na laging nahihipo at ang muwebles.

## MGA EXTRACURRICULAR NA AKTIBIDAD

- Gumawa ng Planong SUSD 'Pagbabalik sa Athletics' na nagtataguyod sa naka-yugtong pamamaraan sa muling pagbubukas ng sports, clubs at mga aktibidad.
- Hindi pinahihintulutan ang mga field trip hanggang sa higit na abiso.  
Ang bawat site ay gagalugad sa ideya ng pagkakaroon ng mga naka-livestream na asembleya at/o mga rally.
- Ang mga namumuno sa club na may mga pangkat na 10 o mas marami pang tao ay hinihikayat na galugarin ang mga opsiyon para sa digital na koneksiyon sa pagmimiyembro nito.



- Ang mga paaralang ginawaran ng mga serbisyong programa makalipas ang paaralan ay rerepaso at kikilos sa mga gabay nila sa pagbibigay ng pag-aalaga sa bata para sa mga miyembro ng kawani ng SUSD at ibang Mahahalagang Trabahador sa mga komunidad nila.

## MGA SERBISYO

- Ang mga psychologist ng paaralan at tagapayo ng paaralan ay magbibigay ng patuloy na pagsasanay para sa mga estudyante/kawani at magulang sa mga palatandaan at sintomas at mag-aalok ng mga tip at payo para sa pribadong pakikipag-usap sa estudyante
- Ipapaalam ng kawani ang kanilang proseso sa referral na nakabatay sa site kapag nag-aalala sila tungkol sa isang estudyante na nagpapakita ng mga palatandaan at sintomas na potensyal na nagpapahiwatig na ang estudyante ay nahihirapang emosyonal at sa pag-iisip.
- Ang kawani sa site ay magbibigay sa mga magulang ng mga katotohanan at kasalukuyang istatistika pagtungkol sa sakit
- Ang pagsasanay sa mga pangkilalang katangian at salik ng mga nais na asal (PBIS) versus ang pagdisiplina sa paglabag ng mga protokol ng Covid-19 ay ibibigay.

## ATTENDANCE

Ang attendance ng estudyante ay napakahalaga para sa access sa pagtuturo, pagpapanatili sa kalusugan ng pag-iisip ng mga estudyante at pagsiguro sa kaligtasan. Para sa mga kadahilanang ito, ang attendance ng estudyante ay kukunin ng Lunes-Biyernes. Magdidisenyo ang Distrito ng sistema na pinakamainam na gagana para makuha nila ang attendance sa independiyenteng DL na araw ng kanilang mga estudyante. Bibigyan ang mga estudyante ng kredito para sa attendance kung panoorin nila ang naka-record na bersiyon ng pagtuturo ng kanilang guro.

## PAGIGING KONEKTADO

Ang mga sumusunod na pagkilos ay ipatutupad sa pagsusumikap na muling makamit ang pagiging konektado ng mga estudyante sa komunidad ng paaralan nila:

- Magpanatili ng pagkakapareho sa pagpapatupad ng batay sa site na sistemang Positive Behavior Intervention and Support (PBIS).
- Magbigay ng hindi nagbabagong rutina at istraktura.
- Ihanda ang mga estudyante sa kaganapan ng pagbabalik sa full-time na Malayuang Pag-aaral.
- Magsanay sa motibasyon at pananagutan.

## PAKIKIHALUBILO

Ang kawani ay dapat ipagpatuloy ang pagsusumikap nila para makamit at mapanatili ang pinataas na kabatiran sa personal na kalagayan ng pag-iisip ng kanilang mga estudyante at mga kundisyon sa kapaligiran sa tahanan para pahintulutan ang patuloy na suporta.

Ang mga sumusunod naistratehiya ay natukoy para dagdagan ang social distanced na pakikihalubilo:

- Digital na pakikihalubilo
- Mga Zoom Breakout Room
- Mga Pagpupulong ng Klase
- Katumbas na Cohort na Kaibigan/Pen Pal

